

WALANG DISKRIMINASYONG PAHAYAG



Ang Mga Pamublikong Paaralan ng , SPS, ay nagbibigay ng Pantay ng Pagkakataon sa Edukasyon at Pantay ng Pagkakataon sa Pagtatarabaho at hindi nagtatangi sa anumang mga programa o aktibidad batay sa kasarian; paniniwala; relihiyon; pinanggalingan, edad, katayuan sa buhay, sekswal na kinalakihan, kasama ang kasariang pananalita o pagkakakilanlan, pagbubuntis; kalagayan matrimonyal; pisikal na anyo; pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pakiramdam na mental o pisikal; matiwalag ng may karangalan na beterano o kalagayang militar; o paggamit ng isang sinanay na giyang aso o serbisyong hayop. Ang SPS ay nagbibigay ng pantay na paggamit sa mga Boy Iskaut at ibang hinirang na grupo ng kabataan.

Ano ang diskriminasyon?

Ang diskriminasyon ay hindi makatarungan o labag sa batas na pagtrato ng isang tao o grupo sapagka't sila ay bahagi ng isang binigyang kahulugan grupo, kilala bilang isang protektadong uri. Ang diskriminasyon ay maaaring kabilangan ng pagtrato sa isang tao ng naiiba o pagtanggap sa isang tao ng paggamit ng programa, serbisyo, o aktibidad sapagkat bahagi sila ng isang protektadong uri, o pagkabigo na masuportahan ang kapansanan ng isang tao. Ang panliligalig batay sa isang protektadong uri.

Ano ang protektadong uri?

Ang protektadong uri ay isang grupo ng tao na may iisang katangian at may proteksiyon sa diskriminasyon at panliligalig ng pederal, estado at lokal na batas. Ang protektadong uri sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay yaong mga grupo na tinutukoy sa Walang Diskriminasyon na Pahayag sa itaas, gaya ng kasarian, lahi, at iba pa.

Paano ako magsasampa ng reklamo tungkol sa diskriminasyon?

Kung naniniwala ka na ikaw at ang iyong anak ay nakaranas ng diskriminasyon o panliligalig na may diskriminasyon sa paaralan, mayroon kang karapatan na magsampa ng reklamo. Para sa buong kopya ng pamamaraan ng reklamo sa walang diskriminasyon ng paaralang distrito, tumawag o mag-email sa Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral OSCR@seattleschools.org o bisitahin: http://www.seattleschools.org/UserFiles/Servers/Server_543/File/District/Departments/School%20Board/Procedures/Series%203000/3210SP.B.pdf

Bago magsampa ng reklamo, maari mong talakayin ang iyong pag-alala sa punong-guro ng iyong anak o sa Taong nag-iimbestiga at lumulutas ng reklamo ng mag-aaral ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle sa Ombudsman@seattleschools.org. Ito ang madalas na paraang mabilis upang malutas ang iyong pag-alala.

Para sa mga mag-aaral, magulang/tagabigay kalinga, at miyembro ng publiko, ang Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Mag-aaral ay naatasang humawak ng mga katanungan at reklamo ng bintang na diskriminasyon sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle, 206-252-0858 o OSCR@seattleschools.org o Seattle Public Schools, MS 32-149, P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1166. Maaari mo ring kontakin:

- Titulo IX Tagapamagitan para sa sekswal na diskriminasyon at pag-alala sa panliligalig, 206-252-0367 o Title.IX@seattleschools.org
- ADA/Section 504 Tagapamagitan sa karaingan sa diskriminasyon sa may kapansanan, 206-252-0178 o accessibility@seattleschools.org

Para sa mga katanungan ng empleyado tungkol sa o mga pakiusap sa mga tulong na may kaugnayan sa kapansanan at/ o reklamo sa bintang na diskriminasyon, kabilang ang sekswal na panliligalig, kontakin qng: Katulong na Superintendente ng Human Resources, 206-252-0024 o hreeoc@seattleschools.org o Seattle Public Schools, Mailstop 33-157, P.O. Box 34165, Seattle, WA 98124-1166.

PAMAMARAAN SA REKLAMO SA DISKRIMINASYON



Hakbang 1: Reklamo sa Paaralang Distrito

Kadalasan, ang mga reklamo ay kailangang isampa sa loob ng isang taon mula sa araw ng nangyari ang diskriminasyon. Ang reklamo ay kailangang nakasulat, ilarawan kung ano ang nangyari, at sabihin bakit naniniwala na ito’y diskriminasyon. Makakatulong din na isama ang aksiyon na gusto mong gawin ng distrito upang malutas ang iyong reklamo. Ang mga reklamo ay maaaring isumite sa pamamagitan na koreo, email, o pagbibigay ng personal sa kaninumang administrador ng Distrito o paaralan, ang Tanggapan ng Karapatan Sibil ng Mag-aaral, o Human Resources.

Kapag natanggap ng paaralang distrito ang iyong nakasulat na reklamo, bibigyan ka ng kopya ng pamamaraan ng reklamo sa diskriminasyon ng Distrito. Ang Tanggapan ng Karapatan Sibil o Tanggapan ng Human Resources ay sisiguruhin ngayon na ang paaralang distrito ay magsasagawa ng mabilis at buong imbestigasyon. Maaari ka ring sumang-ayon na lutasin ang iyong reklamo ng walang imbestigasyon sa pamamagitan ng isang pamimiliang kapasyahan sa sigalot na proseso, katulad ng pamamagitan.

Ang paaralang distrito ay kailangang tumugon sa iyo sa loob ng 30 kalendaryong araw pagkatapos matanggap ang iyong reklamo, maliban kung sumang-ayon ka sa ibang petsa o isang hindi pangkaraniwang pangyayari na kaugnay sa reklamo ay nangailangan ng palugit sa takdang araw. Kung ang reklamo ay tatagal ng mahigit sa takdang araw, ikaw ay pasasabihan ng nakasulat tungkol sa mga dahilan ng pagpapalugit at ang inaasahang araw ng pagtugon.

Kapag sumagot ang paaralang distrito sa iyong reklamo, ang kasagutan ay kailangang malinaw na nagsasaad kung ang paaralang distrito ay:

1. Itinataggi ang pinagsasabi na nakapaloob sa reklamo; o
2. Tinatanggap ang pinagsasabi at naglilista ng mga paraan ng pagwawasto; at
3. Abiso sa iyong karapatan na mag-apila, kasama kung saan at kanino ang apila ay kailangang maibigay.

Hakbang 2: Apela sa Lupon ng Paaralan

Kung hindi ka sumang-ayon sa desisyon ng paaralang distrito, maaari kang umapela sa Lupon ng Paaralan. Kailan mong magsampa ng abiso ng apila na nakasulat sa kalihim ng lupon ng paaralan sa loob ng 10 kalendaryong araw pagkatapos mong matanggap ang tugon ng paaralang distrito sa iyong reklamo.

Ang lupon ng paaralan ay magtatakda ng isang pagdinig sa loob ng 20 kalendaryong araw pagkatapos natanggap ang iyong apila, maliban kung sumang-ayon ka sa ibang linyang araw. Sa pagdinig, maaari kang magdala ng mga testigo o ibang impormasyon na may kaugnayan sa iyong pag-apila.

Ang lupon ng paaralan ay padadalhan ka ng nakasulat na desisyon sa loob ng 30 kalendaryong araw pagkatapos matanggap ng distrito ang iyong abiso ng apila. Ang desisyon ng lupon ng paaralan ay kasama ang impormasyon kung paano magsampa ng reklamo sa OSPI.

Hakbang 3: Reklamo sa OSPI

Kung hindi ka sumang-ayon sa paaralang distrito sa desisyon sa apila, maaari kang magsampa ng reklamo sa Tanggapan ng Superintendente ng Pamublikong Instruksiyon (OSPI). Ang reklamo ay kailangang maisampa sa OSPI sa loob ng 20 kalendaryong araw pagkatapos mong matanggap ang desisyon sa apila ng distrito. Maaari mong ipadala ang iyong reklamo sa OSPI sa pamamagitan ng email sa: Equity@k12.wa.us; fax: (360) 664-2967; o sulat sa: OSPI Equity and Civil Rights Office, PO Box 47200, Olympia, WA 98504-7200.